Paano mag-aplay para sa pagsusuri ng o pagpatanggal ng mga aytem mula sa deposit box ng bangko ng isang taong namatay noong o matapos ang 11 ng Pebrero 2006



Kagawaran ng Mga Kapakanan ng Tahanan

Impormasyon na naaangkop na may bisa mula 1 ng Abril 2007

Paano mag-aplay para sa pagsusuri ng o pagpatanggal ng mga aytem mula sa deposit box ng bangko ng isang taong namatay noong o matapos ang 11 ng Pebrero 2006

Panimula

Ang Ordinansa (Pagpapawalang bisa ng Tungkulin sa Ari-arian) ng Revenue 2005 ay naglalaan para sa pagsusuri ng o pagtanggal ng mga aytem mula sa safe deposit box na inarkilahan ng isang taong namatay noong o matapos ang 11 ng Pebrero 2006. Ang Direktor Mga Kapakanan ng Tahanan, ay maaaring mag-iisyu ng aplikasyon ng “Sertipiko Para sa Kinakailangan sa Pagsusuri ng Deposit Box sa Bangko" (sertipiko para sa pagsusuri) para sa mga layuning pagsusuri at isang "Awtorisasyon Para sa Pagtanggal Mula sa Deposit Box ng Bangko" (awtorisasyon para sa pagtanggal) para sa layuning pagtanggal ng natatanging (mga) aytem. Mga Seksyon 60C hanggang 601 ng Ordinansa ng Pagpapatibay at Pangangasiwa, Kabanata 10, Mga Batas ng Hong Kong, ay may kaugnayan.

Ang safe deposit box na ipinagtanong ay maaaring arkilahan -

(a) sa nag-iisang pangalan ng taong namatay;
(b) magkakasama ng ibang (mga) tao at kung saan ang kasunduan ng pagpaarkila ay nagbibigay para sa "kaayusan ng pagkaligtas", iyan ay pag-aakses sa mga nilalaman ng kahon sa sinuman ng mga nag-aarkila ng kahon ay hindi apektado sa kamatayan ng ibang umaarkila ng kahon, hal. ang kasunduan ay tanging nagpapahayag na dapat kilalanin ng bangko ang nakakaligtas na (mga) nag-aarkila bilang nag-iisang (mga) tao na may anumang karapatan o interes sa ilalim ng kasunduan sa panahon ng kamatayan ng isa sa magkakasamang mga nag-aarkila; o
(c) magkakasama sa ibang (mga) tao at kung saan ang kasunduan sa pag-aarkila ay hindi nagbibigay para sa “kaayusan ng pagkaligtas".

Pagsusuri ng Deposit Box sa Bangko

Aplikasyon para sa sertipiko ng pagsusuri

Isang aplikasyon para sa pagsusuri ng safe deposit box ng taong namatay ay dapat gagawin sa Form HAEU3. Ang aplikasyon ay maaaring gagawin ng-

(a) tagapagpatupad ng taong namatay;
(b) taong binigyang karapatan ng prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian; o
(c) ang nakakaligtas na nag-aarkila kapag ang safe deposit box ay magkakasamang inarkilahan ng taong namatay at ng ibang (mga) tao.

Ang aplikante ay dapat may susi ng safe deposit box.

Suportang mga dokumento

Ang sumusunod na mga dokumento ay kinakailangan upang suportahan ang aplikasyon para sa pagsusuri ng safe deposit box -

(a) ang kard/pasaporte ng pagkakakilanlan ng taong namatay;
(b) ang sertipiko ng kamatayan ng taong namatay;
(c) ang kard/pasaporte ng pagkakakilanlan ng aplikante;
(d) ang huling habilin ng taong namatay, kung ang aplikante ay may kapasidad bilang tagapagpatupad;
(e) anumang (mga) dokumento na nagpapatunay ng relasyon sa pagitan ng taong namatay at ng aplikante, tulad ng sertipiko ng kasal o kapanganakan, kung ang aplikante ay hindi ang tagapagpatupad ng taong namatay;
(f) ang (mga) sulat ng pagtalikod na nararapat na isinasagawa ng (mga) taong binigyan ng karapatang mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung naaangkop;
(g) ang (mga) sertipiko ng kamatayan ng (mga) taong binigyan ng karapatang mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung naaangkop;
(h) ang (mga) sulat na awtorisasyon mula sa (mga) tagapagpatupad o ng (mga) taong binigyan ng karapatang mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian (nilagdaan sa harap ng ibang matalik na kamag-anak, kapag ang awtorisasyon ay hindi inihanda ng isang kumpanya ng ligal), kung naaangkop;
(i) anumang (mga) dokumento na nagpapatunay ng relasyon sa pagitan ng (mga) taong

nabanggit sa ilalim ng (f) o (g) o (h) at ang taong namatay, kung naaangkop; at

(j) anumang (mga) dokumento na nagbibigay ng ebidensya sa pag-iiral ng safe deposit box, hal. ang kasunduan sa pag-arkila ng kahon.

Mangyaring sumangguni rin sa seksyon ng ***Pagsusuri ng safe deposit box sa natatanging mga kalagayan*** *sa ibaba na nagtatakda ng karagdagang mga ebidensya na kinakailangan sa mga kalagayan.*

Nakatakdang pagkikita para sa pagsusuri

Sa pag-isyu ng sertipiko ng pagsusuri, ang tagahawak ng sertipiko ay dapat gagawa ng nakatakdang pagkikita kasama ang Suportang Yunit sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian ng Kagawaran ng Mga Kapakanan ng Tahanan para sa pagsusuri. Ang mga opisyal mula sa Suportang Yunit sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian ay dadalo sa proseso ng pagsusuri.

Proseso ng Pagsusuri

Ang bangko ay hihingi ng pruweba ng pagkakakilanlan sa tagahawak ng sertipiko para sa pagsusuri at isang kawani ng bangko ay dadalo sa proseso ng pagsusuri. Kapag ang safe deposit box na ipinagtanong ay isang magkakasamang inaarkilahan, ang sertipiko ng pagsusuri ay karaniwang nangangailangan, bilang isang kondisyon ng pagsusuri, ng presensya ng ibang partido, iyan ay ang tagapagpatupad/ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian ng nakakaligtas na nag-aarkila.

Walang dokumento o artikulo, na may pagbubukod ng habilin o kaparehong instrumento sa ilalim ng natatanging mga kalagayan, na dapat tanggalin mula sa safe deposit box sa panahon ng pagsusuri.

Pagtanggal ng habilin

Kapag ang isang habilin o kaparehong instrumento ay nakita sa loob ng safe deposit box sa panahon ng pagsusuri, at ang tagahawak ng sertipiko ay ang tagapagpatupad o isa sa mga tagapagatupad na nakapangalan doon, papayagan ng bangko ang tagahawak na tanggalin ang habilin o instrumento matapos ang isang kopya nito ay inilagay sa kahon. Sa iba pang mga kaso, ang bangko ay gagawa ng kopya ng habilin o instrumento, ilalagay uli ang orihinal sa kahon at ibigay ang kopya sa mga opisyal ng publiko na naroroon. Ang batas ay nangangailangan ng Kalihim para sa Mga Kapakanan ng Tahanan na panatilihin ang kopya ng habilin o kaparehong instrumento sa loob ng 6 na taon.

Paghahanda ng imbentaryo

Kung saan -

(a) walang habilin o kaparehong instrumento ay natatagpuan sa loob ng safe deposit box;

(b) isang habilin o kaparehong instrumento ay natagpuan sa loob ng safe deposit box at ang tagahawak ng sertipiko ay isang pinangalanang tagapagpatupad doon; o

(c) ang tagahawak ng sertipiko ay ang nakakaligtas na nag-aarkila sa kaso ng magkakasamang inarkilahang safe deposit box,

ang tagahawak ng sertipiko para sa pagsusuri ay dapat maghanda ng imbentaryo ng mga nilalaman ng safe deposit box sa harap ng kawani ng bangko, sa mga opisyal ng publiko, at sa kaso na magkakasamang inarkilahang safe deposit box, ang ibang partido, iyan ay ang nakakaligtas na nag-aarkila o ang tagapagpatupad/ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian. Ang mga opisyal ng publiko ay maaaring *tutulong* sa paghanda ng imbentaryo kung kailangan. Dapat patunayan ng tagahawak ng sertipiko at ng mga opisyal ng publiko ang katotohanan at katumpakan ng imbentaryo sa pamamagitan ng paglagda sa orihinal na kopya.

Ang orihinal na kopya ng imbentaryo ay itatago ng tagahawak ng sertipiko. Ang ibang mga partido na naroroon ay bibigyan ng kopya nito. Kinakailangan ng batas na ang bangko at ang Kalihim para sa Mga Kapakanan ng Tahanan na panatilihin ang kopya ng imbentaryo sa loob ng 6 na taon.

Pagsusuri ng safe deposit box sa natatanging mga kalagayan

Kapag ang habilin o kaparehong instrumento ay natagpuan sa loob ng safe deposit box ngunit -

(a) ang habilin o instrumento ay hindi balido;
(b) walang tagapagpatupad na pinangalanan sa habilin o sa instrumento; o
(c) ang tagapagpatupad o ang lahat na mga tagapagpatupad na pinangalanan sa habilin o instrumento ay -
    (i) hindi mahahanap;
    (ii) tumatanggi na tumayo bilang tagapagpatupad;
    (iii) namatay na; o
    (iv) kung hindi man ay walang kakayahan na tumatayo bilang tagapagpatupad,

ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian ay maaaring mag-aplay ng sertipiko para sa pagsusuri. Kailangan niyang suportahan ang aplikasyon ng sapat na ebidensya, at ang kaugnay na mga salik ay ipapahayag sa sertipiko ng pagsusuri.

Pagtanggal ng Mga Aytem mula sa Deposit Box sa Bangko

Isang awtorisasyon upang tanggalin ang natatanging mga dokumento (kabilang ang habilin o kaparehong instrumento) o mga artikulo mula sa safe deposit box ng taong namatay ay iisyuhan lamang matapos ang imbentaryo ng mga nilalaman ng kahon ay inihanda. Ang batas ay naglalaan na ang dokumento ay maaaring tanggalin mula sa safe deposit box kung-

(a) ang dokumento ay kinakailangan para sa o kaugnay sa aplikasyon para sa kabuuran ng pangangasiwa, isang gawad ng pagpapakita o pagseselyo ng dayuhang gawad; o
(b) (i) ang dokumento ay pagmamay-ari ng prima facie sa isang tao na iba sa taong namatay;
    (ii) ang dokumento ay madaliang kinakailangan ng tao; at
    (iii) ang pagtanggal ng dokumento ay hindi pagkiling ng lehitimong interes ng sinumang tao sa ari-arian ng taong namatay.

Ang pagtanggal ng mga dokumento na may halagang pera at mga artikulo mula sa safe deposit box ay hindi papayagan, maliban sa mga kaso na kung saan ang aplikante ay ang nakakaligtas na nag-aarkila ng magkakasamang inarkilahan na safe deposit box na may pag-aayos ng pagkakaligtas sa ilalim ng natatanging mga kalagayan.

Aplikasyon para sa awtorisayon sa pagtanggal

Ang aplikasyon para sa awtorisasyon sa pagtanggal ng mga aytem mula sa safe deposit box ay maaaring gagawin ng -

(a) isang tagapagpatupad ng taong namatay;
(b) isang tao na binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian; o
(c) ang nakakaligtas na nag-aarkila kapag ang safe deposit box ay magkakasamang inarkilahan ng taong namatay kasama ang ibang (mga) tao.

Magkakasamang inarkilahan na safe deposit box na may pag-aayos ng pagkakaligtas

Kung saan ang kasunduan ng pag-arkila ng magkakasamang inarkilahan na safe deposit box na nagbibigay ng pag-aayos ng pagkakaligtas, ang nakakaligtas na nag-aarkila ay maaaring mag-aplay para sa awtorisasyon na tanggalin mula sa safe deposit box ang mga dokumento at mga artikulo na pagmamay-ari sa kanya. Ang aplikasyon ay dapat gagawin sa Form HAEU4A, at ang nakakaligtas na nag-aarkila ay dapat kukuha ng isang nakasulat na pahintulot mula sa tagapagpatupad/ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian sa pagtanggal ng mga aytem, gayundin ang presensya ng huling nabanggit na naroon sa proseso ng pagtanggal.

Matapos ang 12 mga buwan kasunod sa kamatayan ng taong namatay, ang nakakaligtas na nag-aarkila ay maaaring magsasagawa ng kanyang karapatan na pag-akses sa safe deposit box sa kondisyon na ang imbentaryo ng mga nilalaman sa loob ng safe deposit box ay inihanda na

alinsunod sa kaugnay na ligal na mga probisyon. Hindi na kailangang mag-aplay ng awtorisasyon para sa pagtanggal ng mga aytem. Gayunpaman, ang bangko ay marahil hihingi ng sapat na pruweba na ang taong namatay ay patay na nang sobra sa 12 mga buwan.

Ibang mga aplikasyon para sa pagtanggal ng (mga) dokumento mula sa safe deposit box na tumugon sa mga kondisyon na itinakda sa ilalim ng pamulaan na **Pagtanggal ng Mga Aytem mula sa Deposit Box ng Bangko** sa itaas ay dapat gagawin sa Form HAEU4B.

Sa mga kaso na kung saan ang safe deposit box ay magkakasamang inarkilahan ng taong namatay kasama ang ibang (mga) tao, ang aplikasyon ay dapat suportahan ng nakasulat na pahintulot mula sa ibang partido (hal. ang nakakaligtas na mga nag-aarkila sa mga kaso na kung saan ang aplikante ay ang tagapagpatupad/ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian ng taong namatay, o ang tagapagpatupad/ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian kung ang aplikante ay ang nakakaligtas na nag-aarkila).

Suportang mga dokumento

Ang sumusunod na mga dokumento ay kinakailangan upang suportahan ang aplikasyon para sa pagtanggal ng mga aytem mula sa safe deposit box -

(a) ang kard/pasaporte ng pagkakakilanlan ng aplikante;
(b) ang imbentaryo ng deposit box sa bangko;
(c) ang huling habilin ng taong namatay, kung ang aplikante ay ang tagapagpatupad ng taong namatay at ang kopya ng habilin ay hindi naibigay;
(d) anumang (mga) dokumento na nagpapatunay ng relasyon sa pagitan ng taong namatay at ng aplikante, tulad ng sertipiko ng kasal o kapanganakan, kung ang aplikante ay hindi ang tagapagpatupad ng taong namatay at ang gayong dokumento ay hindi naibigay;
(e) ang (mga) sulat ng pagtalikod na nararapat na isinagawa ng (mga) taong binigyan ng karapatang mas mataas na prayoridad na mangangasiwa sa ari-arian, kung naaangkop at hindi naibigay;
(f) ang (mga) sertipiko ng kamatayan ng (mga) taong binigyan ng karapatang mas mataas na prayoridad upang mangangasiwa ng ari-arian, kung naaangkop at hindi naibigay;
(g) anumang (mga) dokumento na nagpapakita ng ebidensya ng relasyon sa pagitan ng (mga) tao na pinangalanan sa ilalim ng (e) at (f) at ang taong namatay, kung naaangkop, at sa paggalang ng mga aplikasyon sa Form HAEU4A:
(h) ang (mga) dokumento na nagpapakita ng ebidensya na ang pagmamay-ari ng nakakaligtas na nag-aarkila ng (mga) dokumento at (mga) artikulo ay tatanggalin.

Sinumpaang salaysay

Matapos na sinuri ng Suportang Yunit sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian ang aplikasyon para sa awtorisasyon ng pagpapatanggal, ito ay hihiling sa aplikante na sumumpa/magpapatunay sa isang sinumpaang salaysay sa katotohanan at katumpakan ng mga katotohanang itinakda sa aplikasyon.

Aplikasyon para sa Kopya/Sertipikadong Tunay na Kopya ng Dokumento na pinanatili ng Direktor ng Mga Kapakanan ng Tahanan

Ang karapat-dapat na mga tao ay maaaring mag-aplay para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ng kopya ng habilin o kaparehong instrumento sa loob ng safe deposit box o sa kopya ng imbentaryo sa paggalang ng safe deposit box na itinago ng Direktor ng Mga Kapakanan ng Tahanan. Ang bayarin para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ay sisingilin.

- Sa kaso ng kopya ng habilin o kaparehong instrumento, ang aplikante ay dapat ang taong binigyan ng karapatang prayoridad na mangangasiwa ng ari-arian na nagnanais na mag-aaplay para sa gawad na paggalang sa ari-arian ng taong namatay, at ang habilin o instrumento ay kailangan para sa o kaugnay sa aplikasyon na ipinagtanong.
- Sa kaso ng kopya ng imbentaryo, ang aplikante ay dapat isang may lehitimong interes sa ari-arian ng taong namatay o ng nakakaligtas na nag-aarkila ng safe deposit box na magkakasamang inarkilahan kasama ng taong namatay.

Ang aplikasyon para sa kopya/sertipikadong tunay na kopya ng kopya ng habilin o kaparehong instrumento sa loob ng safe deposit box o sa kopya ng imbentaryo sa paggalang ng safe deposit box na itinago ng Direktor ng Mga Kapakanan ng Tahanan ay dapat gagawin sa Form HAEU6A o HAEU6B ayon sa pagkakabanggit.

Mga Form

Ang mga kopya ng mga form na HAEU3, HAEU4A, HAEU4B, HAEU6A at HAEU6B ay makukuha mula sa Suportang Yunit sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian ng Kagawaran ng Mga Kapakanan ng Tahanan. Mangyaring sumangguni sa seksyon ng **Katanungan** sa ibaba para sa mga detalye ng kontak.) Bilang kahalili, ang mga form ay maaaring mai-download mula sa sumusunod na website: http://www.had.gov.hk/estates.

Katanungan

Kung mayroon kang anumang mga tanong kaugnay sa pagsusuri ng o sa pagtanggal ng mga aytem mula sa safe deposit box ng taong namatay noong o matapos ang 11 ng Pebrero 2006, maaari kang makipag-ugnayan sa Suportang Yunit sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian ng Kagawaran ng Mga Kapakanan ng Tahanan –

- Adres : 3/F, Southorn Centre, 130, Hennessy Road, Wan Chai, Hong Kong
- Telepono : 2835 1535
- Fax : 2122 9497
- E-mail : ebsu@had.gov.hk
- Website : http://www.had.gov.hk/estates

Para sa pangangasiwa ng mga ari-arian ng mga taong namatay bago ang 11 ng Pebrero 2006, mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tungkulin sa Ari-arian ng Kagawaran ng Kinita sa Inland sa 2594 3240.

Kagawaran ng Mga Kapakanan ng Tahanan
Abril 2007
Inilimbag ng Kagawaran ng Mga Lohistiko ng Pamahalaan